

Para sa Mamamayan ng Kawaguchi City - Mensahe mula sa Alkalde



Ang maglingkod ng patas at walang pinapanigan, ang mag bigay ng liwanag at tulong sa mga nangangailangan, ay adhikaing nag sisilbiing gabay sa akin.

Simula noong Pebrero taong 2014, nang ako ay mahalal bilang alkalde, para sa ikauunlad ng Lungsod ng Kawaguchi, patuloy na ginagawa ko ang lahat sa abot ng aking makakaya, na mabigyan ng lunas ang suliranin ng ating komunidad. Sa ikalawang termino ng aking administrasyon, 5 sa 43 panukala ang kailangang bigyan ng pansin. Ito ay ang mga sumusunod;”mapasigla ang pamayanan, mapasigla ang industriya, mapasigla ang pamumuhay, mapasigla ang pamayanan, at mapasigla ang komunidad”. Dahil dito, ang Lungsod ng Kawaguchi ay naging pangunahing lungsod sa Saitama. Nagbigay daan ito upang ibahagi ng Prepektura ng Saitama sa ating lungsod ang pamamahala sa ibat-ibang administratibong serbisyo katulad ng pangkalusugang pangangalaga at iba pang serbisyo para sa ikagiginhawa ng pamumuhay.

Sinisikap ng kasalukuyang administrasyon na mapabilis ang pagpapatayo ng bagong gusali katulad ng 3 pangunahing proyekto, 1) ang pagpapatayo ng Mataas na Paaralan ng Lungsod ng Kawaguchi, 2) Iina Park Kawaguchi at, 3) ang makasaysayan at likas na Akayama Parke.

Upang makapag bigay ng kalidad na serbisyo sa mamamayan, sinisikap ng administrasyon na mabigyang pansin ang mga isyu tungkol sa paghiram o pangungutang ng lungsod, na isang malaking hamon, para mabawasan ang pasanin ng lungsod at ng mamamayan.

Kinakailangan ng mabilis na koneksyon ng transportasyon para sa patuloy na pag-unlad ng lungsod. Sa tulong ng pamahalaan at ng lungsod, sisikapin ko na maisakatuparan na maging pansamantalang himpilan ang istasyon ng Kawaguchi para mga “medium distance trains” gayun din ang pagtatalaga ng bagong himpilan ng pulisya.

Mga kababayan, nawa’y maipagmalaki ninyo ng may ngiti ang maginhawang pamumuhay sa “Masiglang Lungsod ng Kawaguchi”. Sa ngalan ng 600,000 mamamayan na nagtitiwala sa aking pamumuno, pagsisikapan kong maipagpatuloy na mabigyan ng halaga ang mithiin at damdamin ng mamamayan ng Kawaguchi.

2019 May 1

Alkalde ng Kawaguchi Okunuki Nobuo